

*Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal*

**MUNDET** et múníat nos, quæsumus, Dómine, divíni sacraménti munus oblátum: et, intercedénte beáta Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, a cunctis nos reddat et perversitátibus expíatos, et adversitátibus expédítos. Per eúndem Dóminum.

**PAGTIBAYAN** at malinisan nawa kami, aming iniluluhog sa iyo, Panginoon, sa pamamagitan ng mabathalang sakramento na inihandog namin: at, sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Diyos, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, linisin mo nawa kami sa lahat ng aming maling gawain, at ilitgas sa lahat ng kapahamakan. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristo...

*Para sa Mga Nabubuhay at Nangamatay*

**PURIFICENT** nos, quæsumus, omnipotens et misericors Deus, sacramenta quæ sumpsimus: et, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, praesta; ut hoc tuum sacramentum non sit nobis reatus ad poenam, sed intercessio salutaris ad veniam: sit ablutio scelerum, sit fortitudo fragilium, sit contra omnia mundi pericula firmamentum: sit vivorum atque mortuorum fidelium remissio omnium delictorum. Per Dominum.

**MAKAPANGYARIHAN** at mahabaging Diyos, hayaan mong sa tinanggap naming banal na misterio ay malinis ang aming kalooban. Sa pagdalangin ng iyong mga santo, ang sakramento na ito ay hindi nawa maging sanhi ng aming pagkakasala at pagpaparusa, ngunit isang pamamaraan ng pagpapatawad at paglilitgas. Mahugasan nito ang aming diwa sa aming pagkakasala. Maging sandigan ito sa aming kahinaan. Maging pananggol sa mga sakuna. Para sa mga nabubuhay at nangamatay na kapatid sa pananampalataya, nawa'y makatulong ito upang matamo nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

**Hermanidad de la Sagrada Eucaristia**  
**Latin Mass Society of Cavite**

*Kilusan ng Misang Latin sa Lalawigan ng Cavite*

**Comision Para sa Pagsasalin**



## UNANG LINGGO NG KWARESMA

*Misa "Invocavit me"*

• *I cl.* • *Semidoble* • *Lila*

*Maiksing Pagninilay*  
*mula sa Kapatirang ito*

**M**ULI TAYONG pinaalalahanan sa Ebanghelyo ukol sa tatlong bagay na dapat pagtuunan ng pansin sa panahon ng Kwaresma. Ang pagtutukso ni Satanas kay Hesus na gawing tinapay ang mga bato ay ang pagsisikap nating manalangin lagi nang may pagpapakumbaan at mamuhay nang tiyak sa landas ng Panginoon. Ang pagdadala ni Satanas kay Hesus sa rurok ng templo at magpatihulog ay ang pagiging mapagmatyag tayo sa mga lilo at halina ng diyablo upang tayo'y huwag tuluyang mahulog sa kaniyang mga patibong, at palagiang umasa lamang sa Dios. Ang pag-aakyat naman ni Satanas kay Hesus sa rurok ng bundok sa harap ng maraming bansa at lipi at sambahin ang diyablo ay huling pahiwatig sa atin na ang dapat lamang natin mahalín ay hindi ang mga makabagay na mapaparam o kapangyarihan o anumang buhat sa lupa kundi ang Dios lamang. Kaya't ating itakwil ang ating mga sarili, buhatin ang krus at sundin ang Manunubos.

**PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 90:15-16**

**INVOCAVIT** me, et ego exáudiam eum: erípíam eum, et gloriificábo eum: longitúdine diérum adimplébo eum. — *Ps 90:1* Qui hábitat in adjutório Altíssimi, in protectióne Dei coeli commorábitur. *V.* Gloria Patri. Invocavit me.

- *Hindi aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

**DEUS**, qui Ecclésiám tuam ánnua quadragesimáli observatióne purrificas: præsta famíliæ tuæ; ut, quod a te obtinére abstinéndo nítitur, hoc bonis opéribus exsequátur. Per Dominum.

**PAGTAWAG** niya sa akin ay sasagutin ko; ako’y sasakanya sa panahon ng kagipitan; ililigtas ko siya at ipagdarangal: pagkakalooban ko siya ng mahabng buhay. — *Salmo 90:1* Ang sinumang nananahan sa piling ng Kataas-tasang Dios na Makapangyarihan ay kakalingain niya. *V.* Luwalhati sa Ama. — Pagtawag niya...

**O DIOS**, pinagiging dalisay mo ang iyong Simbahan sa taunang paggunita ng Cuaresma. Ipagkaloob mo sa iyong angkan na makamtan nawa nila ang Iyong kaloob sa kanilang pagsunod sa Iyo at sa paggawa ng kabutihan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

*Sa mga Misa ng buong Cuaresma, idaragdagag ang ika-2 panalangin, Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal; Ika-3 panalangin, “Para sa mga Nabubuhay at Nangamatay.”*

*Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal*

**A CUNCTIS** nos, quæsumus, Dómine, mentis et córporis defénde perículis: et, intercedénte beáta et gloriósa semper Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, salutem nobis tríbue benígnus et pacem; ut, destrúctis adversitatibus et erróribus univérsis, Ecclésia tua secúra tibi sérviat libertáte. Per eúndem Dóminum.

**IPAGTANGGOL** mo mula sa lahat ng mga panganib sa aming katawan ang pag-iisip, Panginoon, hinihiling namin: at sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Dios, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga Santo, puspusin mo nawa kami ng kaligtasan at kapayapaan sa pamamagitan ng iyong kabutihan, nang sa ganoon ay sa pagkawasak ng kahirapan at kamalian, nawa ay mapagsilbihan kayo sa kapayapaan ng Santa Iglesiang hirang. Sa pamamagitan pa rin...

**PREPASYO NG KWARESMA**

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

Qui corporáli ieiúnió vítia cómprimis, mentem élevas, virtútem largírís et præmia: per Christum Dóminum nostrum.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælórúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítte iúbeas, deprecámur, súpplíci confessióne dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Dios na makapangyarihan at walang-hanggan.

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay Jesucristong Panginoon namin.

Kaya’t sa pamamagitan Niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...**

**ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 90:4-5**

**SCAPULIS** suis obumbrábit tibi Dóminus, et sub pennis eius sperábis: scuto circúmdabit te véritas eius.

**SA BALIKAT** Niya’y lulukuban ka, at sa ilalim ng kaniyang mga pakpak ay manganganlong ka. Katapatan niya’y isang panangga.

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

**QUAESUMUS**, omnípotens Deus: ut, qui coeléstia aliménta percépipimus, per hæc contra ómnia adversa muniámur. Per Dominum.

**INIAAMO NAMIN** sa Iyo, makapangayrihang Dios, na kaming tumanggap ng pagkaing makalangit na nakagagaling, ay palakasin sa laban sa lahat ng kasawian. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

#### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**HAEC** hóstia, Dómine, quæsumus, emúndet nostra delícta: et, ad sacrificium celebrándum, subditórum tibi córpora mentésque sanctíficet. Per Dóminum.

**ANG MGA ALAY** na handog sa iyo, Panginoon, ay siyang makapagpalinis sa amin mula sa kasalanan: at ang mga ipinagdiriwang naming paghahain ay makapagpabanal sa aming katawan at isipan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

#### *Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal*

**EXAUDI** nos, Deus, salutáris noster: ut, per hujus sacraménti virtútem, a cunctis nos mentis et córporis hóstibus tueáris; grátiam tríbuens in præsénti, et glóriam in futúro. Per Dominum.

**PAKINGGAN** mo kami, Diyos na aming manliligtas: at sa iyong nakakagaling na sakramento, ipagtanggol Mo kami sa kaaway ng katawan at isipan. Pagkalooban Mo nawa kami ng grasya ngayon, at kaluwalthatian sa panghinaharap. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

#### *Para sa Mga Nabubuhay at Nangamatay*

**DEUS**, cui soli cognitus est numerus electorum in superna felicitate locandus: tribue, quaesumus; ut, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, universonum, quos in oratione commendatos suscepimus, et omnium fidelium nomina, beatre praedestinationis liber adscripta retineat. Per Dominum.

**O DIOS**, Ikaw lamang nakakaalam ng bilang ng mga nahalal na makamtan ang kaligayahan sa langit. Igawad mo nawa, aming isinusumamo sa iyo, sa pagdalangin ng Iyong mga Santo, nawa'y lahat ng mga pangalan na aming inihabilin sa aming panalangin at sa panalangin ng sambayanang sumasampalataya ay marapat na mapabilang sa aklat ng mga pinagpala. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

#### *Para sa Mga Nabubuhay at Nangamatay*

**OMNIPOTENS** sempiterno Deus, qui vivorum dominaris simul et mortuarum, omniumque misereris, quos tuos fide et opere futuros esse praenoscis: te supplices exoramus; ut, pro quibus effundere preces decrevimus, quosque vel praesens saeculum adhuc in carne retinet, vel futurum iam exutos corpore suscepit, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, pietatis tuae dementia omnium delictorum suorum veniam consequantur. Per Dominum.

**MAKAPANGYARIHAN** at walang-hanggang Dios, ikaw ang naghahari sa nangamatay at sa mga nabubuhay, at maawain sa lahat na nakakaalam na sila ay sa Iyo dahil sa pananampalataya at mabuting gawain. Pakumbaba naming isinasamo namin sa iyo, para sa kanila na ang aming mga panalangin ay ibinuhos, kung sila man ay nanatili pa sa kanilang katawang-lupa o kaya'y tinanggap na sa kabilang buhay ang kanilang kaluluwa, nawa'y sa iyong pag-ibig at kabutihan, at sa panalangin ng mga Santo, makamit nawa nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang mga kasalanan. Sa pamamagitan pa rin...

#### **SULAT • 1 Cor 6:1-10**

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto.

**M**GA KAPATID: Nakikiusap kami sa inyo na huwag ninyong sayangin ang kagandahang-loob na ibinibigay sa inyo ng Dios. Sapagkat sinasabi niya, “*Sa kaukulang panahon ay pinakinggan kita, sa araw ng pagliligtas, sinakloloohan kita.*” Ngayon na ang kaukulang panahon! Ito na ang araw ng pagliligtas! Iniwasan naming makagawa ng anumang makakahadlang kaninuman upang hindi mapulaan ang aming paglilingkod. Sa halip, sa lahat ng paraan sinisikap naming ipakita ang aming katapatan bilang mga lingkod ng Dios. Kami'y matiyagang nagtiis sa lahat ng uri ng kahirapan, kapighatian at mga kagipitan. Kami'y hinagupit, ibinilanggo at binugbog. Naranasan namin ang magtrabaho nang labis, mapuyat at magutom. Namuhay kami nang malinis, may kaalaman, pagtitiis, kabutihan, patnubay ng Espiritu Santo, tunay na pag-ibig, tapat na pananalita, at kapangyarihan ng Dios. Ang pagiging matuwid ang siya naming sandatang panlaban at panangga. Naranasan naming maparangalan at ipahiya, ang laitin at papurihan. Kami'y itinuring na sinungaling, gayong totoo naman ang aming sinasabi; hindi kinikilala, gayong kami'y kinikilala ng marami; itinuturing na patay na, ngunit buháy naman; pinaparusahan kami, subalit hindi pinapatay. Ang tingin sa amin ay nalulungkot, gayong kami'y laging nagagalak; mga dukha, ngunit marami kaming pinapayaman; mga walang-wala, ngunit sagana sa lahat ng bagay.

— **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 90:11-12

ANGELIS suis Deus mandávit de te, ut custódiat te in ómnibus viis tuis.

V. In mánibus portábunt te, ne umquam offéndas ad lápidem pedem tuum.

ITINAGUBILIN ka ng Dios sa kaniyang mga anghel upang bantayan ka sa iyong paglakad na lalakaran.

V. Sa kanilang mga kamay, dadalhin ka nila upang hindi di matisod sa bato ang iyong mga paa.

TRACTO • Ps 90:1-7, 11-16

QUI hábitat in adjutório Altíssimi, in protectióne Dei coeli commorántur.

V. Dicet Dómino: Suscéptor meus es tu et refúgium meum: Deus meus, sperábo in eum.

V. Quóniam ipse liberávit me de láqueo venántium et a verbo áspero.

V. Scápolis suis obumbrábit tibi, et sub pennis ejus sperábis.

V. Scuto circúmdabit te véritas ejus: non tímébis a tímóre noctúrno.

V. A sagítta volánte per diem, a negótio perambulánte in ténebris, a ruína et dæmónio meridiáno.

V. Cadent a látere tuo mille, et decem mília a dextris tuis: tibi autem non appropinquábit.

V. Quóniam Angelis suis mandávit de te, ut custódiat te in ómnibus viis tuis.

V. Super áspidem et basilíscum ambulábis, et conculcábis leónem et dracónem.

V. Quóniam in me sperávit, liberábo eum: prótegam eum, quóniam cognóvit nomen meum,

ANG sinumang nananahan sa piling ng Kataas-taasang Dios na Makapangyarihan ay kakalingain niya.

V. Sasabihin ko sa Panginoon: “Aking muog at aking kanlungan, aking Dios na siya kong pinagtitiwalaan.”

V. Tiyak na ililigtas ka niya sa bitag ng masasama at sa mga nakamamatay na salot.

V. Iingatan ka niya gaya ng isang ibong iniingatan ang kanyang mga inakay sa lilim ng kanyang pakpak.

V. Sa kaniyang mga balikat ay lulukuban ka, at sa ilalim ng kaniyang mga pakpak ay manganganlong ka.

V. Katapatan niya’y isang panangga; hindi ka matatakot sa kilabot ng gabi.

V. Sa palasong humahagibis sa arap, ay hindi mo rin ikatatakot, gayundin sa nakahahawang sakit na lumalaganap sa kadiliman, o sa salot mang mamumuksa sa tanghaling tapat.

V. Libo man ang mabuwal sa iyong tabi, at sampung libo sa iyong kanan, ikaw ay hindi malalapitan.

V. Dahil sa itinagubilin ka sa kaniyang mga Anghel upang bantayan ka sa iyong paglalakad.

V. Yayapakan mo ang ulupong at ang ahas, yuyurakan mo ang leon at ang dragon.

V. Invocábit me, et ego exáudiam eum: cum ipso sum in tribulatióne,

V. Erípiam eum et glorificábo eum: longitúdine diérum adimplébo eum, et osténdam illi salutáre meum.

V. Siyang umaasa sa akin, ay siyang ililigtas ko. Ipagsasanggalang ko siya sapagka’t kinilala niya ang aking ngalan.

V. Ang pagtawag niya sa akin ay sasagutin ko; ako’y sasakanya ako sa panahon ng kagipitan; ililigtas ko siya at ipagdarangal.

V. Pagkakalooban ko siya ng mahabang buhay at ipakikita sa kaniya ang aking pagliligtas.

EBANGHELYO • Mt 4:1-11

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**N**OONG PANAHONG IYON: Pagkatapos, si Jesus ay dinala ng Espiritu sa ilang upang tukuhan ng diyablo. Siya’y nag-ayuno sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi kaya’t siya’y nagutom. Dumating ang diyablo at sinabi sa kanya, “Kung ikaw ang Anak ng Dios, gawin mo ngang tinapay ang mga batong ito.” Ngunit sumagot si Jesus, “Nasusulat, ‘Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Dios.’” Pagkatapos, dinala siya ng diyablo sa Jerusalem, ang banal na lungsod, at pinatayo sa taluktok ng Templo. Sinabi nito sa kanya, “Kung ikaw ang Anak ng Dios, magpatihulog ka, sapagkat nasusulat: ‘Sa kanyang mga anghel, ika’y itatagubilin at sa kanilang mga kamay, ika’y aalalayan, nang sa mga bato, paa mo’y hindi masaktan.’” Ngunit sumagot si Jesus, “Nasusulat din naman, ‘Huwag mong susubukin ang Panginoon mong Dios.’” Pagkatapos, dinala siya ng diyablo sa isang napakataas na bundok at ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian sa daigdig at ang karangyaan ng mga ito. Sinabi ng diyablo sa kanya, “Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng ito kung magpapatirapa ka at sasamba sa akin.” Kaya’t sumagot si Jesus, “Lumayas ka Satanas! Sapagkat nasusulat, ‘Ang Panginoon mong Dios ang dapat mong sambahin. At siya lamang ang dapat mong paglingkuran.’” Pagkatapos, iniwan na siya ng diyablo. Dumating naman ang mga anghel at siya’y pinaglingkuran nila. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • 90:4, 3

SCAPULIS suis obumbrábit tibi Dóminus, et sub pennis eius sperábis: scuto circúmdabit te véritas eius.

**SA BALIKAT** Niya’y lulukuban ka, at sa ilalim ng kaniyang mga pakpak ay manganganlong ka. Katapatan niya’y isang panangga.